# Bakit BAWAL ang BAWAL na GAMOT?

## NAKAMAMATAY

Ang gumagamit ng shabu ay maaaring mamatay dahil sa cardiac arrest, o di kaya ay mamatay sa drug overdose.

## NAKASISIRA NG KATAWAN

Di paggana ng kidney, pagkakaroon ng hepatitis ang ilan sa mga sakit na puwedeng idulot nito sa ating katawan. Pwede ring mahawa sa sakit tulad ng AIDS kung nagamit ang syringe ng drug user na meron nito. Nagiging nerbyoso o bayolente din na nagiging dahilan ng aksidente o kamatayan ng user o ng ibang tao.

## NAKAGAGAWA NG KRIMEN

Para matustusan ang pagkagumon sa bawal na gamot, nagnanakaw ang ilang mga drug user. May iba na sumasabak sa prostitusyon, pagsusugal o paggawa ng ibang krimen na lalo lang nagpapalala sa sitwasyon.

## NAKAAAPEKTO NG PAG-IISIP

Psychosis (paghiwalay sa realidad), schizophrenia (sakit sa pag-iisip kung saan nakararanas ng psychosis, disorganized speech, paranoia o mapanghinala at takot sa tao) ang ilan sa mga sakit sa pag-iisip na dulot ng bawal na gamot. Puwede itong maging sanhi ng pagpapakamatay o pagpatay sa ibang tao.




PAROLE AND PROBATION ADMINISTRATION
*Redeeming lives. Restoring relationships.*

# ILAN SA MGA ILIGAL NA GAMOT

**SHABU o Methamphetamine Hydrochloride.** *Ito ay puti at walang amoy na crystal o powder, mapait at nakapagpapamanhid. Kilala ring "ubas", "siopao", "sha", at "ice".*





**MARIJUANA o Cannabis Sativa.** *Tinatawag ding "Mary Jane", "bhang", "pot", o "weed". Makararanas ng malahibang o di kaya'y parang lutang na diwa.*

**ECSTASY o Methylenedioxymethamphetamine.** *Tinatawag ding "party drug". Makukulay na tableta, puwede ring nasa capsule, powder o liquid. Nakararamdam ng sobrang tuwa ang gumagamit nito.*




**INHALANT DRUGS.** *Mga pangkaraniwang ginagamit sa bahay tulad ng rugby at paint thinner. Ang pagsinghot nito ay nakasisira ng utak. Nagreresulta rin ito sa "Sudden Sniffing Death" o biglaang pagkamatay.*




***Depende sa paglabag, ang pinakamababang multa ay ₱10,000 hanggang ₱50,000. Ang pinakamataas na multa ay kalahating milyon hanggang ₱10 milyon. Puwede ring makulong nang di bababa sa 6 na buwan at 1 araw hanggang 4 na taon, o nang habambuhay na pagkakulong (pinakamatagal), ayon sa Republic Act 9165 (Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002).***

*Kung nais niyong magsumbong ng mga taong gumagamit o nagbebenta ng droga, tumawag sa lokal na istasyon ng pulis o sa PDEA regional office.*